Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Pagpili ng pang-abay na panlunan

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-abay na panlunan na bubuo sa pangungusap. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

sa tamang basurahan	sa himpapawid	sa silid-aklatan
sa palaruan	sa bundok	sa ilalim ng puno
sa karagatan	sa istasyon ng pulis	sa globo
sa palayan	sa paliparan	sa klinika ng beterinaryo
sa probinsiya	sa pabrika	sa ibang planeta

1. Hanapin mo *sa globo* ang bansang Tsina.
2. Binalik ko ang mga aklat natin *sa silid-aklatan*.
3. Dinala namin *sa klinika ng beterinaryo* ang aso namin na may sakit.
4. Ilagay natin ang mga plastik na bote *sa tamang basurahan*.
5. *Sa istasyon ng pulis* dinala ang dalawang magnanakaw.
6. Nag-aani ang mga magsasaka *sa palayan*.
7. Uuwi na si Tatay mula sa Singapore at susunduin namin siya *sa paliparan*.
8. Nakita namin ang eroplano *sa himpapawid*.
9. Maraming tao ang naghahanap ng trabaho *sa pabrika*.
10. Ang mga bata *sa palaruan* ay masayang naglalaro.
11. Unti-unting nauubos ang mga punongkahoy *sa bundok*.
12. Sa karagatan makikita ang mga pawikan, delpin, at balyena.
13. Pinulot ng mga bata ang mga prutas *sa ilalim ng puno*.
14. Mas simple at tahimik ang buhay *sa probinsiya*.
15. May tao kaya *sa ibang planeta*?